# LA COUNTY PUBLIC WORKS: CONSOLIDATED SEWER MAINTENANCE DISTRICT

## PANGKALAHATANG MGA TANONG SA MGA SERBISYO NG LACPW

Public Works
LOS ANGELES COUNTY

## Ano ang LA County Public Works: Consolidated Sewer Maintenance District, at sino ang pinaglilingkuran nila?

Ang Pinagsamang Distrito ng Pagmementena ng Imburnal (Consolidated Sewer Maintenance District, CSMD) ng Los Angeles County ay pinangangasiwaan ng Department of Public Works ng County ng Los Angeles. Pinaglilingkuran ng sistema ng Distrito ang mahigit 500,000 parcel at populasyon ng mahigit 2 milyong tao sa loob ng mga hindi kabilang na lugar sa county (hindi kasama ang Marina del Rey), 37 lungsod, at 2 nakakontratang lungsod. Kasama sa sistema ng Distrito ang mahigit 4,600 milya ng mga tubong daluyan ng nagamit na tubig, 87 istasyon ng pagbomba ng tubig, at 4 na planta ng paglinis sa maruming tubig. Ang tinatayang halaga ng sistema ay mahigit sa $1.5 bilyon.

## Ano ang ipinagkakaloob ng Public Works na mga serbisyong pagmementena ng imburnal sa mga ratepayer?

Nagkakaloob ang Public Works ng maraming klase ng mga serbisyong pagmementena ng imburnal upang maprotektahan ang publiko at ang kapaligiran sa napakaepisyente, epektibo, at responsableng paraan. Nakabalangkas sa mga listahan sa ibaba ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng Public Works:

### PAGMEMENTENANG PANG-IWAS

- Mga paghingi ng serbisyo kaugnay ng mga masamang amoy ng imburnal, maingay na mga manhole, insekto, atbp.
- Mga inspeksyon sa CCTV
- Pagsunod sa mga hinihingi ng regulasyon
- Mga inspeksyon ng manhole ng imburnal
- Mga paglilinis ng linya ng imburnal
- Mga paglalagay ng saddle ng imburnal
- Operasyon, pagmementena, at inspeksyon ng mga istasyon ng pagbomba ng tubig

### NATITIPON NA GASTOS SA KAPITAL AT PAGTATASA SA KONDISYON

- Pagkukumpuni/rehabilitasyon/pagpapalit ng linya ng imburnal at istasyon ng pagbomba ng tubig
- Pagsusuri ng plano para sa mga pangangailangan sa pagmementena
- GIS mapping
- Programang Pagtatasa sa Kondisyon ng Closed-Circuit Television
- Pagsusuri sa pagtanggap ng Pribadong Kontrata (Private Contract, PC)/Bagong imburnal

### 24-NA-ORAS NA TUGON SA EMERHENSIYA AT PAGHINGI NG SERBISYO

- Mga pag-apaw ng mga tubong daluyan ng nagamit na tubig
- Mga paghingi ng serbisyo kaugnay ng mga masamang amoy ng imburnal, maingay na mga manhole, insekto, atbp.
- Mga pagtigil ng agos o pag-backup ng mga tubong daluyan ng nagamit na tubig
- Mga pagpalya ng istasyon ng pagbomba ng tubig

## Hindi ko pa kailanman napansing ginagawa ng Public Works ang mga serbisyong ito sa lugar ko; bakit kailangan ang pagmementena ng imburnal?

Kapag namementena nang maayos ang mga linya ng imburnal, karaniwang hindi napapansin ng mga kostumer ang mga serbisyo sa pagmementena. Mahalaga ang tamang pagmementena ng imburnal sa pagpapanatili sa lipunan at kapaligiran na ligtas at direktang nakakaapekto sa kalusugan ng publiko, mga lugar ng libangan, likas na espasyo, imprastruktura, at mga lokal na negosyo.

## Anong papel ang ginagampanan ng mga serbisyong pagmementena ng imburnal na ito sa ating lipunan?

Batid man natin ito o hindi, mahalaga ang gumaganang sistema ng imburnal para sa malinis na kapaligran at malusog na lipunan dahil pinahihintulutan nito ang mga tao na mabuhay, maglakbay, at magtrabaho sa mga lungsod nang hindi nag-aalala tungkol sa mga pag-apaw ng imburnal. Kapag hindi namementena nang tama ang mga sistema ng imburnal, maaari itong maging sanhi ng mga pagbara, pagbaha, at polusyon. **Nagkakaloob ang Public Works ng mga serbisyong pagmementena ng imburnal sa hangaring protektahan ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran at panatilihing ligtas ang ating mga komunidad.**

## Saan ko makikita ang aking kasalukuyang rate/bayarin para sa mga serbisyong pagmementena ng imburnal?

Makikita mo ang iyong kasalukuyang rate sa pagmementena ng imburnal sa iyong listahan ng buwis sa ari-arian.

## Sino ang kokontakin ko tungkol sa mga problema kaugnay ng imburnal (masamang amoy, pagdami ng ipis/daga, mga pagbara sa imburnal, maluwang na takip ng manhole, atbp.)?

Kung nasa loob ang iyong ari-arian ng mga hindi kabilang na lugar ng Los Angeles County o nasa isang miyembrong Lungsod ng Consolidated Sewer Maintenance District, puwede kang humingi ng tulong o mag-ulat ng problema sa imburnal online o sa pagtawag sa **(800) 675-HELP**. Matatawagan ang Public Works sa numerong ito 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.

Para sa mga emerhensiya, gaya ng mga pagtigil ng agos/pag-apaw ng imburnal, mangyaring tumawag sa **(800) 675-HELP** kaagad.

Listahan ng mga Kabilang na Lungsod sa loob ng Lugar ng Serbisyo: **dpw.lacounty.gov/smd/smd**

## Saan ako makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Public Works sa pagmementena ng imburnal?

Alamin ang higit pa sa pamamagitan ng pagbisita sa Public Works: website ng Consolidated Sewer Maintenance District sa: **pw.lacounty.gov/smd/smd**